Apendise C – Mga Hakbang na Pampigil

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay may mga sumusunod na hakbang na pampigil upang maiwasan ang potensyal na pagkagambala sa proseso ng halalan:

Mga Pangkaraniwang Hakbang na Panseguridad

Upang limitahan ang akses sa mga materyal at kagamitan na may kaugnayan sa halalan at sa huli ay pigilan ang anumang mga potensyal na pagkagambala:

- Ang mga tauhan ay inaatasang magsuot ng tsapang ID na inisyu ng county o kagawaran.
- Mga bisita o di-empleyado na pumapasok sa mga opisina ng kagawaran nang lampas sa desk ng pagtanggap ay dapat na kasama ang empleyadong pupuntahan ng bisita.
- Ang silid ng server ng computer ng kagawaran at ang mga silid ng balota ay laging protektado ng limitadong akses ng may tsapa at pangmanman na video.

Server at Reserba sa Network

Upang maiwasan ang isang pagkagambala ng daloy ng impormasyon kung ang pangunahing server o network ay hindi gumana:

- Ang sistema ng pagboto ng kagawaran, ang layout at disenyo ng balota, at aktibidad ng Sistema ng Pamamahala ng Halalan (EMS) ay ilalagay sa protektadong sentro ng mga datos ng County.
- Ang mga reserba para sa mga datos na ito ay nagaganap nang awtomatiko at ihahanda para sa pagtatalaga kung hindi gumana ang pangunahing server.
- Ang mga pagbabagong ginawa sa mga datos ng botante, sa sistema ng pagboto, at sa EMS ay may mga reserba sa isang regular na iskedyul.

Set ng Reserba sa Kagamitan ng Sentro ng Pagboto

Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung anomang kagamitan ay hindi magagamit:

- Kung ang isang Sentro ng Pagboto ay makaranas ng pangyayari na naging dahilan upang hindi magamit ang kasalukuyan nilang kagamitan, ang kagawaran ay may ekstrang kagamitang nakahanda upang ang lugar ng pagboto ay patuloy na maproseso ang mga botante.
- Kung walang ekstrang kagamitan na nakahanda, isang Sentro ng Pagboto ay may kakayahang gumana sa ilalim ng manwal na proseso.

Nawalang Kagamitan

Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may nawalang kagamitan:

- Kung mawalan ng kagamitan ang isang Sentro ng Pagboto, ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ay magbibigay-alam sa pangunahing opisina ng ROV.
- Ang isang naililipat na trak na may suplay na naglalaman ng pamalit na kagamitan sa halalan ay pamamahalaan ng mga tauhan ng bodega.

- Hindi bababa sa dalawang tauhang miyembro ng bodega ang magdadala ng anumang suplay at kagamitan mula sa trak ng suplay patungo sa Sentro ng Pagboto upang tiyakin ang seguridad ng mga suplay at kagamitan sa Sentro ng Pagboto.

Mga Reserba na Suplay sa Pagboto
Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may mga suplay sa pagboto na hindi magamit o mawala:

- Ang isang duplikado ng mga sisidlang inihanda para sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay pananatilihin.
- Ang tagapag-ugnay ng Sentro ng Pagboto ay responsable para sa pagpapanatili ng mga reserba na suplay sa pagboto.
- Kung kinakailangang ilipat ang isang lugar, at hindi matipon ng mga manggagawa ang kanilang mga kasalukuyang suplay, ang mga reserba na suplay ay ihahatid sa bagong lugar, kapag posible.

Mga Lumibang Empleyado ng Sentro ng Pagboto
Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi nakarating ang mga empleyado ng Sentro ng Pagboto sa kanilang itinalagang rilyebo:

- Ang namumuno sa Sentro ng Pagboto ay makikipag-ugnayan sa opisina ng ROV upang kumuha ng mga pamalit na tauhan para sa Sentro ng Pagboto.
- Ang isang listahan ng mga sinanay na nakareserba na tauhan ay nakaabang sa pangunahing opisina ng ROV.

Kahina-hinalang Tao o Bagay
Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung ang isang kahina-hinalang tao o bagay ay lumitaw:

- Makikipag-ugnayan ang namumuno sa Sentro ng Pagboto sa mga awtoridad sa seguridad depende sa kalagayan.

Mga Manwal na Sistema na nasa Lugar
Upang maiwasan ang isang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang kagamitan sa elektronikong pagboto:

- Lahat ng mga pagpapaandar ay magagampanan sa pamamagitan ng manwal na proseso.